

INTERNATIONAL NAPASA (November 4, 2025)

Magandang Gabi po sa inyong lahat. Eto po ay International Napasa Impormation Program na nagbabalita para sa mga dayuhan. Mula ngayon ang 30 minuto pagbabalita sa wikang Hapon, Intsik, Espanyol, Ingles at Tagalog. At pagkatapos nito mula 7'30 hanggang 8:00 ay magpapahayag si Ms. Harue Shouji sa wikang Portuguese.

1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG SEPTEYEMBRE SA LOOB NG

9月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Septeyembre ay nagkaroon ng kabuuang 74 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Beniyacho at Yaezakicho na may 6 kaso, 5 kaso sa Shinomiya, 4 na kaso sa Ookami at 3 kaso sa Yamashita, Daikancho at Tamura. Tamura, Higashi Shindo, Minami Toyoda at Miyamatsucho. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng **CABLE LOCK** na mabibili sa mga **HOME CENTER**.

Nagkaroon rin ng kabuuang 12 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo lalo na sa lugar ng okouchi na may 2 kaso. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw.

2)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガスタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa November 8 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **ALBIREX NIGATA**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng

¥ 2500 para sa matatanda, at ¥ 900 naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang ¥ 500.

3)INFORMASYON UKOL TULONG SA BAKUNA NG PARA SA MGA MATATANDA

高齢者の予防接種費用補助のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay nagbibigay ng ilang parteng tulong pinansiyal sa gastusin para sa pagbabakuna ng **INFLUENZA** at **NEW CORONA VACCINE** sa mga matatandang may edad na 65 taong gulang pataas. Ang pagbabakuna ng **INFLUENZAVACCINE** ay mula **October 1** hanggang **January 31, 2026** ay nagkakahalaga ng ¥ 1600. At ang pagbabakuna ng **NEW CORONA VACCINE** ay nagkakahalaga ng ¥ 2800. Magpabakuna sa mga **Institusyong Medikal**.

Sa loob ng siyudad. Makikita sa Home Page ng Hiratsuka City ang mga Institusyong Medikal at iba pang mga detalyadong impormasyon. Para sa iba pang katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng Hiratsuka City Office. Telephone Number **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

4)UKOL SA PAGDIRIWANG NG HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER

平塚市民活動センターの祭りのお知らせ

Sa November 23 (Sunday) ay magkakaroon ng "**HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER FESTIVAL (SHIMIN KATSUDO SENTA MATSURI)** sa Hiratsuka Civic Activity Center. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon. Ang pagdiriwang na ito ay pagpapa-alam ng mga ginagawang aktibidad ng iba't-ibang grupo ng mga mamamayan sa Hiratsuka Civic Activity Center. Mayroong pagbibigay ng mga

inpormasyon ng aktibidad ng bawat grupo, booth para sa mga pagsubok, bazaar, mga tindahan at iba pa. Kaya inaasahan namin ang inyong pagdating. Para sa iba pang mga katanungan ukol sa detalye ng pagdiriwangay maaaring makipag-alam sa **HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER (SHIMIN KATSUDO SENTA)**. Telephone Number **0463-31-7571 (0463-31-7571)**.

5)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG DISYEMBRE

12月^{がつ}から始^{はじ}まるスポーツ^{きょうしつ}教室^しのお知らせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang **SPORTS LESSON** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay **TAICHI EXERCISE, BADMINTON, SUMBA DANCE, FAT BURNING EXERCISE** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 (0463-35-0102)**. Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa November 14 (Friday). Maaaring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.

6)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN・MARCHE

青空^{あおぞら}市場^{いちば}「サンサン・マルシェ」^しのお知らせ

Sa November 9 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na **“SUNSUN・MARCHE”** sa **SHONAN KAIGAN PARK** sa Takahamada. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kitchen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211)**.

7)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡^{はちまん}山の洋館^{ようかん}でのコンサート^しのお知らせ

Sa November 19 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng **“Bara Concert”** mula kay Ms. Konomi San, at mula 2:00 ng hapon ay pag-pi piano na may pamagat na **“Ongaku no Palette”**. mula kay Sakamoto Shizu.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

8)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南^{しょうなん}ベルマーレ^しのレモンガススタジアム^{しあいよてい}での試合^し予定^しのお知らせ

Sa November 30 (Sunday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **SHIMISU S-PULSE**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng

¥ 2500 para sa matatanda, at ¥ 900 naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang ¥ 500.

At ngayon ay patutugtugin ang unang awitin mula sa Chili na pinamagatang “ Viva Chili ”.

9)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売会のお知らせ

Sa November 22 (Saturday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

10)NAGHAHANAP NG TITIRA SA PABAHAY NG MUNISIPYO NG HIRATSUKA CITY

平塚市の市営住宅の入居者の募集のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng titira sa pabahay ng munisipyo. Para sa mga detalye ukol sa paghahanap ng mga maninirahan ay makakakuha ng gabay sa paninirahan at Application Form sa Information Window, 1st Floor ng Hiratsuka City Office o kaya sa mga Community Hall ng bawat distrito. Maaaring mag-simula ng paninirahan mula March 1 ng taong 2026. Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang November 15 (Wednesday). Para sa iba pang mga katanungan ukol sa bagay na ito ay maaaring makipag-alam sa **TOKYU COMMUNITY** Telephone No. **0463-74-4005 (0463-74-4005)**.

11)IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa November 23 (Sunday) ay magkakaroon ng **SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa **INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106)**.

12)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa November 30 ang huling palugit ng ikatlong bahagi ng bayarin ng **PROPERTY TAX**.

At dahil ang ka-30 araw ay natapat ng Linggo ang petsa ng huling palugit sa bayarin ay hanggang sa December 1. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

13)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGDIRIWANG NG MGA KATUTUBONG PALABAS

平塚市の民族芸能祭りのお知らせ

Sa November 16 (Sunday) ay magkakaroon ng **"PAGDIRIWANG NG MGA KATUTUBONG PALABAS"** sa Chuo Kominkan ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon. Makakapanood ng mga

katutubong palabas ng Hapon tulad ng pagdiriwang ng pagtugtog ng tambol at Japanese Puppet Show at mga Tradisyonal ng pagtatanghal ng Sining. Maaaring makapanood ang hanggang 250 katao. Kung may katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa **SOCIAL EDUCATION DIVISION (SHAKAI IKU KA)**. Telephone Number **0463-35-8124 (0463-35-8124)**.

14) PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE FESTIVAL

国際交流フェスティバルのお知らせ

Sa November 16 (Sunday) ay magkakaroon ng **INTERNATIONAL EXCHANGE FESTIVAL (KOKUSAI KORYU FESTIVAL)** sa paligid ng outdoor stage sa Central Park (**SOGO KOEN**) ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon. Mayroong mga palabas na Yosakoi, Samba, Egyptian Dance, Japanese Traditional Dance, Tanabata Drum at iba pa sa outdoor stage ng nasabing lugar. Mayroon ding stage performance para sa pagpapakilala ng mga kultura. At pati na rin booth ng mga tindihan ng mga pagkain ng iba't-ibang mga bansa tulad ng Singapore, Indonesia, Turko, Egypt, Tansania, Peru, Philippine at Taiwan. Ang MC sa mga stage performance ay mga volunteer na estudyante ng kolehiyo at mayroon ding mga nakahandang interpreter sa nasabing pagdiriwang. Mayroon ding mga magsusuportang mga guide na marunong mag-Ingles sa nasabing pagdiriwang. Walang bayad ang pagdalo dito at hindi rin kakailanganin ang pagpapareserba. Kung kaya't amin kayong inaanyayahan na dumalo sa nasabing pagdiriwang. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa **CULTURAL EXCHANGE DIVISION (BUNKA KOURYU KA)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-25-25-20 (0463-25-2520)**.

15) PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

J-アラートの試験放送のお知らせ

Sa November 12 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng **J-ALERT** dito sa Hiratsuka City. Ang **J-ALERT** ay isang sistema na babalang alarma ng pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoo ng **J-ALERT** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa **RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-9863 (0463-21-9863)**.

16) PAGPAPAALAM UKOL SA SENGEN FESTIVAL

せんげん祭 お知らせ

Sa November 8 (Saturday) at November 9 (Sunday) ay magkakaroon ng 2 araw na **SENGEN FESTIVAL** sa Youth Hall ng Hiratsuka City. Ang oras sa November 8 ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon at sa November 9 naman ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:30 ng hapon. May mga nakahanay na pagkain tulad ng Crepe, Yakitori, Okonomiyaki at mga pagkaing luto ng Brazil.

At sa stage naman may mga tugtugin ng banda at mga katutubong sayaw ang mapapanood.

May classroom sa paggawa ng tutubing gawa sa kawayan, Bound Tennis Classroom at Bamboo Craft Classroom. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa **YOUTH SECTION** ng Hiratsuka City Office. Telephone Number **0463-71-5950 (0463-71-5950)**.

17)UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na **JAPANESE LANGUAGE CLASS** sa Hiratsuka City mula sa mga boluntaryong guro:

1. **HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.**
2. **KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.**
3. **SHONAN JRC**
4. **YOKOUCHI PROJECT**

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar, araw ng pagsisimula, kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City.

18)PAGBABAGO NG MGA BAYARIN SA PAG-PROSESO NG PAPELES NG MGA

外国人の在留手続き手数料改定のお知らせ

Mula April 1, 2025 ay nabago na ang halaga ng bayarin sa pag-proseso ng paninirahan ng mga dayuhan.

ANG MGA PANGUNAHING NABAGO AY ANG MGA SUMUSUNOD:

1. Application for Change of Status of Residence, mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
2. Application for Extension of Period of Stay, mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
3. Application for Permanent Residence, mula ¥8000 ay naging 10,000
4. Application for Re-Entry Permit(Single), mula ¥3000 ay naging ¥4000
5. Application for Re-Entry Permit (Multiple), mula ¥6000 ay naging ¥7000.
6. Certificate of Employment Eligibility, mula ¥1200 ay naging ¥2000.

Para sa iba pang detalye ay makikita sa Home Page ng Immigration Service Agency ng Japan.

19)UKOL SA TULONG SA GASTOS SA PAGBILI NG HELMET PARA SA

自転車用ヘルメットの購入補助のお知らせ

Itinatag ang batas mula noong Abril, 2023 na isang obligasyon ang pagmamamandato ng paggamit ng **HELMET** sa pagbibisikleta.

May sistemang pagbibigay ng ilang parte ng tulong para sa pagbili ng **HELMET** sa mga Shop ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang tulong na maibibigay ay nagkakahalaga ng hanggang **¥1000** sa isang Helmet sa mga batang may edad na hindi lalampas ng 12 taon gulang at sa mga matatandang may edad na 65 taong gulang pataas. Ipakita lamang ang inyong ID para sa pagkakilanlan ng inyong pangalan, kapanganakan at tirahan sa pagbili sa loob ng lungsod ng Hiratsuka. Para sa mas detalyadong impormasyon ukol sa mga shops ng bisikleta at iba pang impormasyon ay makikita sa Home page ng **TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)** ng Hiratsuka City. **Telephone No. 0463-35-8108 (0463-35-8108).**

20)UKOL SA PAGHAHANAP NG GAGAMIT SA PATANIMAN PARA SA MAMAMAYAN

市民農園の利用者の募集のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay mayroong 22 pataniman sa loob ng lungsod. Ang kontrata sa paggamit ay hanggang 2 taon at may posibilidad na ito ay ma-extend. Ang bayad sa taunang pagre-renta sa pataniman ay mula ¥ 8,000 hanggang ¥ 18,000. Ang bayad sa pagre-renta ay magkakaiba ayon sa lugar. Makikita sa **Website** ng Hiratsuka City ang mga bakanteng lugar ng pataniman. Kung may katanungan ay maaaring tumawag sa **AGRICULTURE AND FISHERIES DIVISION (NOU SUISAN KA)**. Telephone No. **0463-35-8102 (0463-35-8102)**.

21)DEVICE PARA SA PAG-IWAS SA MGA DI KANAIS-NAIS NA TAWAG O SPAM CALLS

迷惑電話防止装置のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ay nagbibigay ng tulong na 1/2 ng presyo sa pagbili ng device para makaiwas sa mga di kanais-nais na tawag o spam calls sa mga residenteng matatanda na may edad na 65 taong gulang pataas. Subalit hanggang sa ¥ 5000 lamang ang maibibigay na tulong. Para sa mga gustong mag-apply ay isagawa ang kinakailangang pag-proseso sa **RISK AND MANAGEMENT DIVISION** sa 4th Floor ng Hiratsuka City Office. Para sa mga katanungan ukol sa mga kinakailangang dokumento at iba pa ay makipag-ugnayan sa sa **RISK AND MANAGEMENT DIVISION**. Telephone No. 0463-21-9863 (0463-21-9863).

22)UKOL SA MULING PAGPAPALAWIG NG DEADLINE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の期限再延長のお知らせ

Ang deadline ng paggamit, deadline ng pagcha-charge at deadline ng pag-refund ng

STARLIGHT MONEY ng Hiratsuka City mapapalawaig ng taon. Ang deadline sa bagong pagcha-charge ay sa isang taon ng January 31, ang deadline ng pag-refund ay hanggang sa isang taon ng February 28 at ang deadline naman sa paggamit ay hanggang sa isang taon ng March 31. Maging maingat dahil maaaring magkaroon rin ng mga pagbabago sa mga affiliate store. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **STARLIGHT MONEY OFFICE (JIMU KYOKU)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0570-06-0505 (0570-06-0505)**.

23)UKOL SA PAG-PROSESOG NG WALANG MGA PAPEL NA DOKUMENTO SA

市役所での手続きのペーパーレス化についてのお知らせ

Mula noong February 4 ay nagsimula na ang bagong sistema sa Hiratsuka City Office na tinatawag “Non-Writing Counter”. Ang “Non-Writing Counter na ito ay sistema na halimbawa ay magpo-proseso ng Residence Certificate ay hindi na kinakailangan pang magsulat ng application form, sa halip ang sistemang ito ay deretsong sasabihin sa staff ng nasa counter ang mga kinakailangang impormasyon, matapos mai-tala sa computer ang mga kinakailangang impormasyon ay tapos na rin ang iyong pagproseso. Subalit hindi lahat ng mga gustong i-proseso ay maaari dito sa “Non-Writing Counter”. Ang mga listahan ng mga serbisyo na sakop nito ay makikita sa Website ng Hiratsuka City Office.

Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa **DIGITAL PROMOTION DIVISION (DEIJITARU SUISHIN KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-20-8804 (0463-20-8804)**.

24)LIBRENG ARAW NG PAGGAMIT NG GYM NG MIZUHO ELEMENTARY SCHOOL

みずほ^{しょうがっこうたいいくかん} 小学校 体育館^{むりようかいほう}の無料開放^ののお知らせ^{おしらせ}

Tuwing ikalawa at ikatlong Sabado ng buwan ay magagamit ng libre ang **GYMNASIUM**

(TAIKU KAN) ng Mizuho Elementary School sa Kita Kaname. Dito ay maaaring makapaglaro ng Badminton, Table Tennis, Boccia at iba pa. Ang oras ay mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon. At ang pagpapareserba dito ay hindi na kailangan. Magdala lamang ng inyong sapatos na panloob at mga kagamitan sa paglalaro.

Para sa mga katanungan ay tumawag lamang sa **SPORTS DIVISION** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-31-3060 (0463-31-3060)**.

Hanggang dito na lamang ang International Napasa at kami ay magpapaalam na.

Ang nilalaman ng programang ito ay makikita sa Website ng Lungsod ng Hiratsuka, kung kaya't sa mga hindi nakapa--kinig ng programang ito ay makikita rin ito sa Web Site ng Lungsod

Inaanyayahan namin ang inyong suporta, mga liham at opinyon na maaaring ipadala sa pamamagitan ng Fax. Ang Fax No. ay 0463-23-7200.

At ngayon ang pamamaalam na awit mula sa bansang Tsina na pinamagatang “Susundan kita magpakailanman”.

Eto po sa Josephine Suzuki na tagapangasiwa sa pagbabalita sa wikang Pilipino. At muli sa susunod na linggo. Magandang Hapon po